

Paano Magdasal

WARM-UP

- Paano mo ipinapaakilala ang sarili mo sa mga hindi mo kakilala?
- Sa mga kapamilya o kaibigan mo, kanino ka pinakakomportable? Paano ka nakikipag-usap sa kanya? Bakit?
- Mabilis ka bang humingi ng paumanhin kapag may maling nangyari, o nahihiya kang humingi ng paumanhin? Sa tingin mo, bakit ka ganito?

WORD

“Kaya manalangin kayo ng katulad nito: ‘Ama naming nasa langit, sambahin nawa kayo ng mga tao.’”

MATEO 6:9

(Basahin din ang **MATEO 6:10-15**.)

Sa pagpapatuloy ni Jesus ng Pangaral sa Bundok, sinimulan Niyang turuan ang mga disipulo kung paano manalangin. Ang pinaka-unang linya ng Panalangin ng Panginoon ay nagtataguyod ng ating relasyon sa Diyos. Dapat tayong lumapit at magdasal sa Kanya nang may lakas ng loob ng isang anak na nakikipag-usap sa kaniyang Ama sa langit. Siya ang ating Ama, at lahat ay nasa ilalim ng Kanyang pamamahala. Nananalangin tayo dahil nagtitiwala tayo sa Kanya, gusto natin Siyang parangalan, at gusto nating magkaroon ng mas malalim na relasyon sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong beses na paggamit ni Jesus ng salitang “amin” sa Panalangin ng Panginoon bilang pagtukoy sa Ama, sa pagtustos ng mga pangangailangan, at sa kapatawaran.

1 Aming Ama

⁹"Kaya manalangin kayo ng katulad nito: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa kayo ng mga tao. ¹⁰Nawa'y magsimula na ang inyong paghahari, at masunod ang inyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.'" MATEO 6:9,10

Nananalangin tayo sa Diyos Ama, at pinarangalan natin Siya. Kinikilala natin na Siya ang ating Ama sa langit na nakakakita at nakakarinig ng lahat ng panalangin, at nakaka-alam ng anumang kailangan natin bago pa man natin ito hingin. Inihahayag din natin ang Kanyang kadakilaan sa lupa kapag hinihingi natin na masunod ang Kanyang paghahari at kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bakit tayo dapat manalangin sa Ama lamang at hindi sa iba pa?

2 Aming Pagkain sa Araw-araw

¹¹"Bigyan n'yo po kami ng aming pagkain sa araw-araw. . . . ¹³At huwag n'yo kaming hayaang matukso kundi iligtas n'yo po kami kay Satanas.'" MATEO 6:11,13

Tinutustusan ng ating Ama ang lahat ng ating mga pangangailangan at ibinibigay Niya ang mga ito araw-araw. Maaari nating hingin sa Kanya ang lahat ng kailangan natin kasama na ang pagkain, proteksyon, at pagpapalaya. Alam na Niya ang kailangan natin bago pa man natin ito hingin, subalit kapag tayo ay nananalangin, natututo tayo na mas lalong umasa sa Kanya. Nakikita din natin kung paano Niya ibinibigay ang higit pa sa hinihingi natin. Sa iyong palagay, bakit tayo dapat humingi sa Kanya ng *pagkain sa araw-araw*? Bakit tayo dapat manalangin araw-araw?

3 Aming Kasalanan at ang mga Nagkasala sa Amin

12"Patawarin n'yo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkasala sa amin. . . .*14*Kung pinapatawad ninyo ang mga taong nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit. *15*Ngunit kung hindi ninyo sila pinapatawad, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama." **MATEO 6:12,14,15**

Ang bahaging ito ng Panalangin ng Panginoon, na tungkol sa pagpapatawad, ay ang nag-iisang bahagi na may kasamang pangako at kondisyon. Papatawarin ng Panginoon ang ating mga kasalanan, kung papatawarin muna natin ang mga nagkasala sa atin. Hindi natin magagawang magbigay ng karangalan sa Diyos at maghangad ng mas malalim na relasyon sa Kanya nang hindi nagpapatawad sa iba. Balikan ang isang panahon na kailangan mong magpatawad sa isang tao (kahit na hindi mo ito gustong gawin) dahil ito ang iniuutos ng Diyos. Ano ang nangyari?

APPLICATION

- Nakikipag-ugnayan ka ba sa Diyos gaya ng pakikipag-ugnayan ng isang anak sa kanyang ama? Paano mo Siya magagawang lapitan sa ganitong paraan simula ngayon?
- Sa araling ito, ano ang natuklasan mo tungkol sa panalangin? Ano ang isang bagay na kailangan mong gawin sa ibang paraan upang magkaroon ka ng malagong relasyon sa iyong Ama sa langit?
- Napatawad mo na ba ang mga nagkasala sa iyo? Paano mo magagawang magpatawad ng iba gaya ng pagpapatawad sa iyo ng iyong Ama?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging Ama sa iyo, at na maaari mo Siyang lapitan anumang oras. Pasalamatan Siya sa pagdinig sa mga panalangin mo at sa pag-alam sa mga kailangan mo bago mo pa ito sabihin sa Kanya. Pasalamatan Siya sa kapatawaran na ibinibigay Niya sa iyo, sa kabila ng mga kasalanan mo.
- Hingin sa Diyos ang lakas ng loob na lapitan Siya bilang iyong Ama sa langit. Hingin na ipakilala pa Niya ang sarili Niya sa iyo habang ikaw ay nananalangin.
- Ipanalangin na maging handa kang magpatawad sa iba. Ipanalangin na sa pamamagitan nito, magawa mong maipangaral ang ebanghelyo sa mga kapamilya at kaibigan mo.

NOTES



VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph